

Puwede ba maapektuhan ang iyong planta sa kalamidad ng kalikasan?

Enero 2018



Sa nakalipas na mga taon, maraming mga likas na sakuna ang nababalita sa buong mundo. Ang mga larawan ay nagpapakita ng ilang mga halimbawa:

1. Mayo 2016 mga larawan kuha ng satelayt ng napakalaking sunog malapit sa Kuta ng McMurray, Alberta, Kanada, na nagpapakita ng lokasyon ng malapit na mga pasilidad sa pagpoproseso ng langis.
2. Ang sunog sa Kuta ng McMurray.
3. Bagyong Harvey sa pinakamalapit na lakas sa Agosto 2017 habang papalapit ito sa baybayin ng Teksas.
4. Pagbaha sa Houston, Teksas dahil sa ulan mula sa Bagyong Harvey.
5. Ang mga treyler na naglalaman ng organik peroksyd sa isang planta ng proseso ay sumabog dahil ang mga sistema ng pagpapalamig ay hindi gumagana dahil sa pagkawala ng koryente kasunod ng Bagyong Harvey.
6. Ang Fukushima Daiichi nuklear power plant sa Hapon ay nawalan ng kuryente noong Marso 2011 bilang resulta ng isang malaking lindol at kasunod na tsunami. Hindi sapat ang paglamig sanhi ng pagkatunaw ng tatlong nuklear reaktor, haydrodyen-hangin na mga pagsabog, at paglaya ng radioactive na materyal.

Ang mga kaganapang ito at iba pang tulad nila ay nagkaroon, o maaaring nagkaroon, ng mga makabuluhang epekto sa mga planta ng proseso.

Ano ang puwede mong gawin?

- Alamin ang mga pamamaraan ng emerhensiya ng planta para sa kalamidad ng kalikasan at unawain ang iyong papel sa paghahanda para sa, pagtugon sa, at pagbawi mula sa pangyayari. Ang uri ng kalamidad na maaaring makaapekto sa iyong planta ay nakasalalay sa kung saan matatagpuan ang iyong planta at kung anong uri ng mga likas na pangyayari ang maaaring mangyari sa lugar na iyon.
- Suriin na ang iyong mga pamamaraan sa pang-emerhensiya ay isinasalang-alang na ang ilang mga likas na kaganapan tulad ng mga lindol at mga buhawi ay maaaring mangyari na may kaunti o walang paunang babala.
- Kumpirmahin na ang mga plano ay isinasalang-alang ang mga manggagawa na mananatili sa puwesto sa panahon at kaagad pagkatapos ng likas na kaganapan. Ang mga manggagawa ay nangangailangan ng suporta (pagkain, tirahan, komunikasyon, atbp.), at ang mga daan at iba pang pampublikong imprastruktura ay maaaring wala sa serbisyo.
- Unawain kung paano ang iyong lugar ng pananagutan ay maaaring makaapekto sa isang likas na pangyayari, lalo na kung saan may mga partikular na panganib sa proseso - halimbawa, ang organik na pagka-agnas ng peroksyd na inilarawan sa aytem 5 sa itaas. Repasuhin ang mga plano sa pagtugon sa sakuna at suriin na sila ay ganap at kumpleto para sa iyong lugar ng trabaho.
- Kung makilala mo ang isang bagay na sa tingin mo ay mahalaga, at kung saan ay hindi saklaw ng mga umiiral na plano, dalhin ang iyong mga alalahanin sa pansin ng iyong mga superbisor upang mapabuti ang mga plano.
- Tanggapin na ang mga empleyado ay hindi maaaring magpakita upang magtrabaho pagkatapos ng isang likas na sakuna, at ang mga manggagawa sa lugar ay maaaring hindi makauwi sa kanilang bahay. Tiyakin na ang iyong mga plano ay isalang-alang ang mga posibilidad na ito, gayundin ang potensyal ng limitadong tauhan.
- Gumawa ng isang personal na planong pang-emergensiya para sa iyong sarili at sa iyong pamilya para sa mga uri ng sakuna na maaaring mangyari kung saan ka nakatira at nagtatrabaho. Hindi ka maaaring magtrabaho nang epektibo kung nag-aalala ka tungkol sa iyong pamilya!
- Basahin ang mga Beacon ng Nobyembre 2005 at Hunyo 2011 para sa higit pang payo tungkol sa likas na paghahanda sa sakuna.

Maging handa para sa kalamidad ng kalikasan!